# LOVE THE CITY

## ANG MGA BATA AT MAHIHINA (Maawaing mga Puso)

**WEEK 3**

### WARM-UP

- Ano ang halaga ng kabataan sa pamilya o sa lipunan? Paano nakita o naranasan ang halaga ng pagkakaroon ng mga bata sa isang pamilya?
- Paano ka tumutugon kapag may nakikita kang isang nanghihinang bata o babae? Paano tumutugon ang mga taong nakapalibot sa iyo?
- Bakit mahalaga na tumutulong tayo sa mga biyahero, mga ulila, o mga babaeng walang kapangyarihan o proteksiyon? Ano ang nangyayari kapag walang tumutulong sa kanila?

### WORD

[19]*"Kapag nag-aani kayo at may naiwang bigkis sa bukid, huwag na ninyo itong babalikan para kunin. Iwan na lang ninyo ito para sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda, para pagpalain kayo ng PANGINOON na inyong Diyos sa lahat ng inyong ginagawa. . . .*
[22]*Alalahanin ninyo na mga alipin kayo noon sa Egipto. Ito ang dahilan kung bakit inuutusan ko kayong gawin ito."*
**DEUTERONOMIO 24:19, 22**

(Basahin din ang **DEUTERONOMIO 24:20–21.**)

Binigyang-diin ng Diyos ang utos sa mga Israelita na tumulong sa mga biyahero, mga ulila, at mga babaeng walang kapangyarihan. Ang tatlong ito ang partikular na nangangailangan sa lipunan. Wala dapat sila sa sitwasyong walang tumutulong, walang nagbibigay, o walang nagtatanggol sa kanila.

Bago tayo naging bahagi ng pamilya ng Diyos, naranasan din natin ang pagiging api sa kasalanan at mahina sa takot. Bilang mga mamamayan ng Diyos, alam natin ang pakiramdam kapag ipinagtatanggol tayo ng Diyos at nagkakaroon tayo ng katiyakan na tayo ay bahagi ng Kanyang proteksiyon at probisyon. Ngayon, sa

dinami-dami ng tao, paano tayo dapat tumugon at tumulong sa mga kabataan at mga mahihina?

## 1 Ang puso ng Diyos ay para sa manlalakbay, mga ulila, at mga biyuda.

*"Kung mamimitas kayo ng olibo, huwag na ninyong babalikan ang mga naiwan. Itira na lang ninyo ito sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda."* **DEUTERONOMIO 24:20**

Ang mga mahihinang tao ay walang kakayahang baguhin ang kanilang sitwasyon nang mag-isa. Ang kahinaang ito ay maaaring dulot ng kahirapan, kapansanan, pagkawala ng tahanan, pagbabago, o kawalan ng taong maninindigan para sa kanila. Malinaw ang sinabi ng Diyos: dapat magbahagi ang Kanyang mga mamamayan ng sobra nila sa mga mahihina. Sinu-sino ang maituturing mo na nanghihinang mga tao sa paligid mo?

..................................................

..................................................

## 2 Dapat ay magbigay tayo sa mga nangangailangan at hindi sila pagsamantalahan.

*"Kung aani kayo ng ubas, huwag na ninyong babalikan ang mga naiwan. Itira n'yo na lang ito sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda."* **DEUTERONOMIO 24:21**

Hindi dapat natin binabalewala ang pagkakaroon ng mga mahihina sa ating lipunan, lalo na kung sapat ang mayroon tayo para sa ating mga sarili at pamilya, at makakapamuhay tayo nang maayos. Sinabihan ng Diyos ang mga Israelita na pagkatapos nilang mag-ani ay huwag na nilang balikan pa ang mga natitirang bunga. Ito ay pagkain na para sa mga nangangailangan. Tulad nito, dapat din nating piliin na magtabi para sa mga nangangailangan. Magkwento tungkol sa panahong nangailangan ka at may nagpakita ng kabutihan sa iyo. Ano ang nangyari? Ano ang opinyon mo sa karanasan mong ito?

..................................................

..................................................

## 3 Tayo ay mga tumatanggap at nagiging daanan ng mga pagpapala ng Diyos.

*[19]"Kapag nag-aani kayo at may naiwang bigkis sa bukid, huwag na ninyo itong babalikan para kunin. Iwan na lang ninyo ito para sa mga dayuhan, sa mga ulila at sa mga biyuda, para pagpalain kayo ng PANGINOON na inyong Diyos sa lahat ng inyong ginagawa. . . . [22]Alalahanin ninyo na mga alipin kayo noon sa Egipto. Ito ang dahilan kung bakit inuutusan ko kayong gawin ito."*

**DEUTERONOMIO 24:19, 22**

Hindi inaasahan ng Diyos ang ating pagkaawa na manggaling na lang sa kung saan. Sa Deuteronomio ay ipinaalala ng Diyos sa mga Israelita na naranasan din nila ang pang-aapi at panghihina bilang mga alipin sa Ehipto. Sa lahat ng tao ay sila dapat ang nakakaalam ng pakiramdam ng walang pag-aari o proteksyon. Tulad dito, bilang mga dating alipin ng kasalanan at ngayon ay mga anak na ng Diyos, dapat din tayong magpakita ng pagkaawa.

Kasabay nito ay ang mga ipinangakong pagpapala ng Diyos sa atin kapag nagpakita tayo ng pagkaawa sa mga mahihina. Pinangako Niya na pagpapalain Niya ang mga gawa ng ating kamay. Hindi lamang nagbibigay ang Diyos para sa mga mahihina, nagbibigay din Siya para sa atin upang maibahagi natin ang mga pagpapala Niya sa kapwa. Ano ang mayroon ka na sobra sa iyong kailangan na pwede mong ibahagi?

Kapag ginamit natin ang mga materyal na pagpapala na binigay sa atin ng Diyos upang makatulong sa nangangailangan, nagbubunga ito ng isang ani ng katuwiran—mga taong nagpapasalamat at nagpupuri sa Diyos para sa pagbibigay sa kanila sa pamamagitan natin. Napapalapit ang mga tao sa Diyos dahil sa pagsuko natin sa Diyos sa pagiging mapagbigay. Sama-sama tayong makakaasa sa isang mana ng tahanan na panghabangbuhay at isang panghabangbuhay na Ama.

## APPLICATION

- Una tayong minahal ng Diyos at niligtas sa pang-aapi. Naalala mo ba ang pakiramdam ng kahinaan? Ano ang naramdaman mo nang naranasan mo ang kalayaan ng Diyos at paano ka magiging tulay upang maranasan din ito ng iba?
- May mga alam ka bang organisasyon na umaalalay sa mga taong mahihina? Ano ang magagawa mo upang suportahan sila?
- Pag-isipan ang ideya nang pagtatabi ng konting halaga palagi upang makapagbigay ka sa mga nangangailangan. Ano ang kailangan mo upang maisagawa ito at anong mga hakbang ang kailangan mo upang maisagawa ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang awa sa iyo at sa Kanyang kaligtasan na malaya Niyang ibinigay sa iyo.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng puso para sa mga taong inaapi lalo na ang mga ulila at mga babaeng walang kakayahan.
- Manalangin at humiling sa Diyos ng pagkakataon at bukas na mga pinto upang makipag-ugnayan sa mga taong inaapi at para sa tapang na iwanan ang kumportable upang makatulong at sumuporta sa iba.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Bruce Chua, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.